Na ipinagtibay ng mga mamamayan ng Lunsod ng San José sa pamamagitan nito ang mga sumusunod na susog sa Saligang Batas ng Lunsod:

Seksyon 1. Para susugan ang Seksyon 402 ng Saligang Batas ng Lunsod upang maisaad ang sumusunod:

**SEKSYON 402. Mga Limitasyon sa Termino ng Alkalde at Miyembro ng Konseho.**

Magiging apat (4) na taon ang regular na termino ng katungkulan ng bawat miyembro ng Konseho. Isasailalim ang Alkalde at mga miyembro ng Konseho sa mga sumusunod na limitasyon sa termino:

(a) ALKALDE. Walang sinumang naihalal sa katungkulan ng Alkalde sa loob ng dalawang (2) magkasunod na apat na taong termino ang dapat maging karapat-dapat na tumakbo para sa halalan sa katungkulan ng Alkalde, o maglingkod para rito, para sa anumang karagdagang kasunod na termino; ngunit hindi magiging batayan ang nabanggit sa itaas upang maging hindi kuwalipikado ang sinuman na tumakbo para sa halalan sa katungkulan ng Alkalde, o sa karagdagang paglilingkod bilang Alkalde, para sa anumang termino na hindi magkasunod; o para sa anumang bahagi ng termino na hindi magkasunod. <u>Sa kabila ng anupamang probisyon ng Saligang Batas, upang mailipat ang halalan sa katungkulan ng Alkalde sa parehong taon sa halalan para sa pagkapangulo na magsisimula sa 2024, magiging dalawang (2) taon ang termino para sa katungkulan ng Alkalde simula sa Enero 1, 2023 na matatapos sa Disyembre 31, 2024. Gayunpaman, magiging karapat-dapat ang taong may hawak sa katungkulan ng Alkalde bilang nanunungkulan para sa dalawang taong termino na ito na tumakbo para sa halalan sa katungkulan ng Alkalde at maglingkod dito sa loob ng dalawang (2) karagdagang magkasunod na apat na taong termino.</u>

(b) MIYEMBRO NG KONSEHO. Walang sinuman na naihalal sa Konseho ng Lunsod bilang miyembro ng Konseho sa anumang Distrito ng Konseho sa Lunsod sa loob ng dalawang (2) magkasunod na apat na taong termino, pagkaraan ng petsa ng pagpapatupad ng Seksyong ito, ang magiging karapat-dapat na tumakbo para sa halalan bilang miyembro ng Konseho sa anumang Distrito ng Konseho, o maitalaga na maglingkod bilang miyembro ng Konseho para sa anumang karagdagang kasunod na termino. Ang sinumang maitatalaga o maihahalal sa Konseho ng Lunsod bilang miyembro ng Konseho ng Lunsod upang puwestuhan ang hindi pa tapos na termino na dalawang taon o mas maikli ay magiging karapat-dapat na maglingkod sa dalawang magkasunod na apat na taong termino kapag natapos na ang hindi pa tapos na termino kung saan naitalaga o naihalal ang taong iyon. Ang sinumang maitatalaga o maihahalal sa Konseho ng Lunsod bilang miyembro ng Konseho ng Lunsod upang puwestuhan ang

hindi pa tapos na termino na mahigit dalawang taon ay magiging karapat-dapat lang na maglingkod sa isang kasunod na apat na taong termino. Hindi magiging batayan ang nabanggit sa itaas upang maging hindi kuwalipikado ang sinuman sa pagtakbo para sa halalan sa Katungkulan ng Alkalde o para sa anumang termino na hindi magkasunod. Ang petsa ng pagpapatupad ng Seksyong ito ay sa Enero 1, 1991.

Seksyon 2. Para susugan ang Seksyon 500 ng Saligang Batas ng Lunsod upang maisaad ang sumusunod:

**SEKSYON 500. Alkalde.**

Magkakaroon ng Alkalde ng Lunsod ng San José, na ihahalal sa kabuuan, na magiging panlabing-isang miyembro ng Konseho. Maliban na lang kung may ibang nakasaad sa alinmang bahagi ng Saligang Batas, ihahalal ang Alkalde sa pamamagitan ng pagkuha ng pinakamaraming boto sa buong lunsod sa Regular na Halalang Munisipal, para sa terminong apat (4) na taon mula at pagkatapos ng unang araw ng Enero kasunod ng taon ng halalan. Sa kabila ng anupamang probisyon ng Saligang Batas, upang mailipat ang halalan sa katungkulan ng Alkalde sa parehong taon sa halalan para sa pagkapangulo na magsisimula sa 2024, magiging dalawang (2) taon ang termino para sa katungkulan ng Alkalde simula sa Enero 1, 2023 na matatapos sa Disyembre 31, 2024. Gayunpaman, magiging karapat-dapat ang taong may hawak sa katungkulan ng Alkalde bilang nanunungkulan para sa dalawang taong termino na ito na tumakbo para sa halalan sa katungkulan ng Alkalde at maglingkod dito sa loob ng dalawang (2) karagdagang magkasunod na apat na taong termino.

Ang katungkulan ng bawat miyembro ng Konseho, kabilang ang katungkulan ng miyembro na Alkalde, ay hiwalay na katungkulan na dapat hiwalay na lagyan ng taong pupuwesto. Ang sinumang nanunungkulang miyembro ng Konseho ay maaaring tumakbo para sa puwesto ng Alkalde, at maaaring tumakbo ang Alkalde para sa puwesto ng Alkalde o para sa anupamang puwesto sa Konseho kung saan kuwalipikado ang Alkalde; gayunpaman, walang sinumang miyembro ng Konseho ang dapat humawak ng mahigit sa isang puwesto, at walang sinuman ang maaaring maging kandidato para sa mahigit sa isang puwesto.

Seksyon 3. Para susugan ang Seksyon 1600 ng Saligang Batas ng Lunsod upang maisaad ang sumusunod:

**SEKSYON 1600. Mga Halalang Munisipal.**

Gaganapin ang lahat ng halalang munisipal nang ayon sa sumusunod:

(a) MGA REGULAR NA HALALANG MUNISIPAL. Ang Regular na Halalang Munisipal ay maaaring regular na nakaiskedyul na Pangunahing Halalang Munisipal o Halalang Munisipal ng mga Nangungunang Kandidato. Gaganapin ang mga naturang halalan kada dalawang taon, kung saan

gaganapin ang halalan para sa Alkalde at para sa mga Distrito ng Konseho na may odd na numero kada apat (4) na taon simula sa 1994, at gaganapin ang halalan para sa mga Distrito ng Konseho na may even na numero kada apat (4) na taon simula sa 1996. Simula sa 2024, gaganapin ang halalan para sa Alkalde at para sa mga Distrito ng Konseho na may even na numero kada apat (4) na taon, at gaganapin ang halalan para sa mga Distrito ng Konseho na may odd na numero kada apat (4) na taon simula sa 2026. Magsisimula ang termino ng bawat miyembro sa unang araw ng kasunod na Enero, at matatapos ito sa huling araw ng Disyembre sa susunod na pang-apat na taon ng kalendaryo, sa petsa ng halalan ng miyembro, maliban sa miyembrong naihalal sa katungkulan ng Alkalde na nagsimula ang termino sa Enero 1, 2023 gaya ng nakatakda sa Seksyon 402 ng Artikulo IV at 500 ng Article V. Gaganapin ang regular na nakaiskedyul na Pangunahing Halalan sa parehong petsa na gaganapin ng Estado ng California ang Direktang Primaryang Halalan nito. Gaganapin ang Halalang Munisipal ng mga Nangungunang Kandidato sa parehong petsa na gaganapin ng Estado ng California ang Pambuong-estado na Pangkalahatang Halalan nito.

(b) MGA PANGKALAHATANG HALALAN. Tinutukoy na Mga Pangkalahatang Halalan ang mga halalang ginaganap nang sabay-sabay sa lahat ng distrito ng Lunsod, ito man ay halalang munisipal, halalan sa county o halalan sa estado.

(c) MGA ESPESYAL NA HALALANG MUNISIPAL. Ang mga Espesyal na Halalang Munisipal ay mga halalang iniiskedyul nang alinsunod sa Seksyon 1601. Itatakda nang ayon sa resolusyon ang mga petsa ng anumang Espesyal na Halalang Munisipal.

(d) KUWALIPIKASYON PARA SA HALALAN NG NANGUNGUNANG KANDIDATO. Ang dalawang kandidato na makakakuha ng pinakamaraming bilang ng mga boto para sa katungkulan sa Pangunahing Halalang Munisipal ang mga tanging kandidato na papangalanan sa balota bilang mga kandidato para sa naturang katungkulan sa kasunod na Halalang Munisipal ng mga Nangungunang Kandidato.

(e) MGA TABLANG RESULTA. Sa kabila ng anumang bagay sa ibang bahagi na salungat dito, pagpapasyahan ang lahat ng tablang resulta sa anumang halalang munisipal sa pamamagitan ng palabunutan sa panahon ng bukas na pulong ng Konseho, sa ilalim ng pangangasiwa ng Konseho.

(f) PAGKAMATAY NG KANDIDATO. Kung mamatay ang isang kandidato pagkatapos magsumite ng mga papel ng nominasyon para sa pangunahing halalan, ituturing ang yumaong kandidato bilang kandidato para sa lahat ng layunin ng halalan. Kung maihalal ang yumaong kandidato, idedeklarang bakante ang katungkulan simula sa pag-uumpisa ng termino ng

katungkulan kung para saan ginanap ang halalan. Maglalagay ng pupuwesto sa posisyon nang alinsunod sa Seksyon 410.

(g) PINAKAMARAMING BOTO. Walang sinuman ang idedeklarang naihalal sa katungkulan ng Alkalde o miyembro ng Konseho sa anumang halalang munisipal maliban kung nakatanggap ang tao ng pinakamaraming boto para sa naturang katungkulan.

*PAALALA: <u>Nakasalungguhit</u> ang mga karagdagan sa teksto at ipinapakita ang mga tinanggal sa pamamagitan ng ~~strikethrough~~.*